

# ANG PAG-AKDA SA PANAHONG ITO

Hindi panahon lamang ng Netflix at KPop, hindi panahon lamang ng halalan, lalong hindi panahon lamang ng naglipanang huwad na impormasyon. Kapag sinabi kong sa panahong ito, panahong ito ng ligalig dulot ng pandemya sa kalusugan at mas malalim na pandemya ng pamamamahala at pulitika ang tinutukoy ko.

Aaminin ko. Sa simula ng pandemya, minaliit ko ang magiging epekto ng salot. Tanda ko pa ang huling araw ko sa Maynila noong Marso 2020. Ilang araw lang ito tatagal, sa isip-isip ko. Babalik muli sa dati. Pero pagkatapos ng kulang-kulang dalawang taon, wala nang dating babalikan.

Tinamaan ang marami sa atin. Nawalan ako ng kapatid at mga kaibigan nang hindi man lamang nadadalaw ngayon ni puntod. Ipinagpasa-Diyos ko nang makaramdam ako ng sintomas noong kasagsagan ng salot. Puno ang mga ospital at isolation facilities, walang testing kits. Kaliwa't kanan ang dinadapuan, isang malawak na estadistika ang lahat. Nagkulong ako. Umasa sa pagdating ng hindi na paghinga. Tatlong gabi akong natulog nang paupo dahil sa hirap ng paghinga. Naitawid ko naman. Mula noon, nangamba na ako sa pag-iral nating lahat. Natakot ako para sa pamilya ko at para sa mga kaibigan. Gusto kong isulat ang pangamba at agam-agam. Hindi ko nagawa. Maliban ngayon.

Sa panahon ng ligalig at pagsubok natatangi ang manunulat. Gaya ng frontliners, sa panahong ito tayo kinakailangan upang itala ang mga pangyayari. Higit sa simplistikong ulat, bulletin, at estadistika ng mga biktima at nasawing nakasanayan natin, binibigyang kulay natin ang trahedyang palayo sa pusyaw ng pighati. Umaasa tayong babasahin sa ibang panahon upang maihambing ang danas at katauhan.

Kapag haharap ako sa klase at nababanaagan ang pangamba sa mga mag-aaral ko ng malikhaing pagsulat, lagi kong alo at alok sa kanila, isulat ang agam-agam. Itala ang kasawian. Pulo-pulo. Pailan-ilan. Para maitawid

ang lubos na kalungkutan pabalik sa sana ay dati. Ngayon higit kailanman, mas maigting ang paghahangad natin sa pagbabalik ng karaniwan.

Sa isyung ito ng Tomas, nagsama-sama ang balisang tinig upang bigyan ng saysay ang guwang na nilikha ng kalamidad. Narito ang mga saysay, satsat, talastas. Malayong matawag na tematiko tulad ng nakasanayan nating dyornal na may kahingiang matupad ang tema; kung ano man ang temang pinagpulangan sa kung saang opisina ng ligtas pa sa pandemya. Hindi ganito ang Tomas 3.3.

Produkto ito ng Zoom; bunga rin ng pangamba't pighati. Nabalaho rin sa kawalang katiyakan kung magpapatuloy pa ba o iuuwing abo ang mortalidad ng mga kasama. May reviewer na hindi na lang tumugon, may mga kasamang kailangan munang unahing bumalik o magkanlong sa mas kilala at ligtas nilang sarili. Aaminin kong takot din akong magpatuloy. Bakit pa? Ano pa ang saysay ng balak kung sa pagkati ng lalamunan ng bawat isa, sa bawat hindi maitagong pag-ubo o banta ng sipon, hindi ka man kitlin ng virus, kukumot naman sa iyo ang lagim ng nakaambang kasawian. Kung hindi ka man kitlin ng virus, dadantay sa iyo ang lamig ng pag-iisa sa isolation facility, sa kwarentena, sa paglayo sa minamahal at pag-asam na hindi ito paglayong tuluyan at ganap.

Sa iba marahil, tinatawag ang hindi pagsulong bilang burnout sa trabaho o pagiging piyesa ng kapital, pwede ring pagsuko, o muling pagkilala sa sarili lalo sa kakayahang humarap sa peligro. Sa akin, tinawag ko ang estado bilang bakit-pa-nga-ba-magpapatuloy? Ilang buwan din akong nakatanga lamang sa harap ng monitor. Mabibigat ang daliri. Hindi totoo sa panghihikayat na kayanin ang lahat lalo na ng aking mga mag-aaral.

Sa panahong ito, mas nagkaroon ng kahulugan ang pangungumusta. Kumusta ba ang mga manunulat? Kinakaya pa ba? Nasa kalipunang ito ang maaaring maparikalang sagot.

Nang manawagan kami noong Nobyembre 2020 ng kontribusyon sa Tomas 3.3, umasa kaming dadagsain kami ng ambag hinggil sa salot. Mayroon din namang ilan sa pamamagitan ng mga sanaysay na naglalahad ng kanilang karanasan at katalogo ng mga panagyayari. Ngunit ang natatangi, naging lunsaran ang panawagan namin upang mapukaw ang mga akdang maaaring inaalikabok na nasa kung saang estante ng hard disk o Google Drive. May mga nagpalis ng alikabok kaya tumambad ang pagkagilalas sa mga akdang pre-pandemya.

Mayroong naglilimi sa saysay ng salita, sa narasyong pilosopikal at pampanitikan. Mayroong kumukuwestiyon sa umiiral na patakaran at pagtatakda sa kung ano ang salita at pananalita at pagbibigay kahulugan. May enumerasyon ng hilig at karanasan. Lahat ito ay balidasyon ng pagpapatuloy at paghahangad na magbalik sa karaniwan, ano man itong karaniwang inaasam.

Ang isyung ito ng Tomas ay iniaalay sa mga kasama sa panulat na hindi na namin kasama sa pagbabalik sa karaniwang pag-akda sa kabila ng panahong ito.

Lucban, Quezon  
Nobyembre 2021